

Maging Handang RedCross

Checklist para sa Kaligtasan sa Pagbaha

Ang pagbaha ay kasama sa madalas at magastos na mga natural na sakuna. Ang mga pinagmumulan ng pagbaha ay malakas o patuloy na pag-ulan ng ilang oras o araw na nagbababad sa lupa. Ang mga biglaang pagbaha ay nagaganap dahil sa mabilis na pagtaas ng tubig sa mga estero o mabababang lugar.

Alamin ang Kaibhan

Pagbantay sa Pagbaha/Biglaang Pagbaha—Ang pagbaha o biglaang pagbaha ay posible sa inyong lugar.

Babala sa Pagbaha/Biglaang Pagbaha—Ang pagbaha o biglaang pagbaha ay nagaganap na o magaganap na sa inyong lugar.

Ano ang aking dapat gawin?



- Makinig sa mga istasyon ng radyo at telebisyon sa lugar at sa NOAA Weather Radio para sa posibleng mga babala sa pagbaha at mga ulat ng nagaganap na pagbaha o ibang kritikal na impormasyon mula sa National Weather Service (NWS).
- Maging handang lumisan sa panandaliang abiso.
- Kapag ang babala sa pagbaha o biglaang pagbaha ay ibinigay sa inyong lugar, pumunta sa mataas na lugar at manatili doon.
- Lumayo sa tubig baha. Kung umabot ka sa esterong umaagos kung saan ang tubig ay lagpas bukong-bukong, huminto, bumalik at dumaan sa ibang lugar. Ang anim na pulgadang mabilis na dumadaloy na tubig ay maaaring mag-anod sa iyo.
- Kung napadpad ka sa bahang kalye habang nagmamaneho, umikot at dumaan sa ibang daanan. Kung naipit ka sa bahang kalye at ang tubig ay mabilis na tumataas sa paligid mo, lumabas agad sa sasakyan at lumipat sa mataas na lupa. Karamihan ng mga kotse ay maaaring madala ng agos ng mas mababa sa dalawang piye ng umaagos na tubig.
- Ilayo ang mga bata sa tubig. Mausyoso sila at kadalasan ay kulang sa pag-estima tungkol sa umaagos o kontaminadong tubig.
- Maging lalong maingat sa gabi kung kailan mas mahirap makita ang pagkadelikado ng baha.
- Dahil sa ang karaniwang seguro ng may-ari ng tahanan ay hindi sumasakop sa pagbaha, mahalagang magkaroon ng proteksiyon mula sa mga baha na kaugnay ng mga bagyo, maalinsangang matinding buhos ng ulan, malakas na pag-ulan at iba pang kundisyon na nakakaapekto sa U.S. Para sa higit pang impormasyon sa seguro sa baha, pakibisita ang National Flood Insurance Program na Web site sa www.fema.gov/business/nfip.

Anong mga supply ang aking kailangan?



- Tubig—hindi bababa sa 3-araw na supply; isang galon bawat tao, bawat araw
- Pagkain—hindi bababa sa 3-araw na supply ng hindi napapanis, madaling ihandang pagkain
- Flashlight
- Radyong de-bateriya o pinipihit ng kamay (NOAA Weather Radio, kung posible)
- Mga ekstrang baterya
- Kit para sa paunang lunas
- Mga gamot (pang 7-araw na supply) at medikal na kagamitan (mga hearing aid na may ekstrang baterya, salamin, contact lense, ringgilya, baston)
- Tool para sa iba't-ibang paggagamitan
- Mga gamit panlinis at pampersonal na kalinisan
- Mga kopya ng personal na dokumento (listahan ng gamot, mahalagang impormasyong medikal, katibayan ng address, titulo/kontrata sa bahay, mga pasaporte, mga sertipiko ng kapanganakan, mga polisa ng seguro)
- Mga cell phone na may charger
- Impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa pamilya at emerhensiya
- Ekstrang pera
- Pang-emerhensiyang kumot
- (Mga) mapa ng lugar
- Mga kagamitan ng sanggol (mga bote, gatas, pagkain ng sanggol, lampin)
- Kagamitan ng mga alagang hayop (kuwelyo, tali, ID, pagkain, kargahan, mangkok)
- Mga tool/supply upang siguruhin ang inyong tahanan
- Ekstrang set ng susi ng kotse at bahay
- Ekstrang damit, sombrero at matibay na sapatos
- Pang-ulan
- Panlaban sa insekto at sunscreen
- Kamera para kunan ng litrato ang kasiraan

Ano ang aking dapat gawin matapos ang pagbaha?



- Bumalik lamang sa tahanan kung nadeklara ng mga opisyal na ligtas na ang lugar.
- Bago pumasok sa bahay, tingnan ang labas para sa maluluwag na linya ng koryente, mga sirang linya ng gas, biyak sa pundasyon o ibang sira.
- Ang mga bahagi ng inyong tahanan ay maaaring bagsak o sira. Maingat na lapitan ang mga pasukan. Tingnan kung ang mga bubong ng asotea at mga nakalaylay ay lahat may suporta.
- Mag-ingat sa mga ligaw na hayop, lalo na ang mga may lasong ahas na maaaring pumasok sa bahay kasama ng tubig baha.
- Kung nakakaamoy ka ng natural o propane na gas o nakakarinig ng tunog na pagsitsit, agad umalis at tawagan ang kagawaran ng sunog.
- Kung bagsak ang mga linya ng koryente sa labas ng inyong bahay, huwag umapak sa mga labak ng tubig o naipong tubig.
- Ilayo ang mga bata o mga alagang hayop sa mga delikadong lugar at tubig baha.
- Ang mga materyales katulad ng mga produktong panlinis, pintura, mga baterya, kontaminadong langis at mga sisidlan ng langis ay delikado. Makipag-ugnayan sa mga lokal na awtoridad para sa tulong sa pagtapon upang maiwasan ang peligro.
- Sa paglilinis, magsuot ng pamproteksiyong damit kasama ang mga gomang guwantes at gomang botas.
- Siguruhin na ligtas ang inyong pagkain at tubig. Itapon ang mga bagay na nalagyan ng tubig baha kasama ang mga de-latang pagkain, bote ng tubig, plastik na kubyertos at mga dede ng bote ng sanggol. Kapag may alinlangan, itapon!
- Huwag gumamit ng tubig na maaaring kontaminado sa paghuhugas ng pinggan, pagsipilyo, paghanda ng pagkain, paghugas ng kamay, paggawa ng yelo o pagtimpla ng gatas ng sanggol.
- Makipag-ugnay sa iyong lokal o estadong kagawaran ng pampublikong kalusugan para sa mga partikular na rekomendasyon sa pagpapakulo o paglinis ng tubig sa inyong lugar matapos ang sakuna dahil sa ang tubig ay baka kontaminado.

Ipaalam sa Iyong Pamilya na Ikaw ay Ligtas

Kung ang inyong komunidad ay nakaranas ng pagbaha, o anumang sakuna, magrehistro sa American Red Cross Safe and Well na Web site makukuha sa pamamagitan ng RedCross.org/SafeandWell upang ipaalam sa iyong mga pamilya at mga kaibigan ang iyong kapakanan. Kung wala kang access sa Internet, tumawag sa **1-866-GET-INFO** upang irehistro ang iyong sarili at ang pamilya mo.